# Espesyal na Halalan para sa Alkalde

By-Election
VOTE
June 26

## Hunyo 26

TORONTO

# Mag-aplay upang Bumoto sa pamamagitan ng Koreo

Para sa espesyal na halalang ito maaari mong piliing bumoto sa pamamagitan ng koreo. Isumite ang iyong aplikasyon sa pagitan ng Mayo 1 hanggang 26 sa toronto.ca/VoteByMail.

# Magsimula sa MyVote (AkingBoto)

Simula sa Mayo 1, tingnan kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante, hanapin ang iyong purok at ang mga kandidatong tumatakbo para sa alkalde sa toronto.ca/MyVote.

## Mahalagang mga Petsa

### Mayo 1

- Unang araw upang mag-aplay para sa **Ikinoreong Pagboto**
- Unang araw para magdagdag, magpalit o baguhin ang iyong impormasyon sa **listahan ng mga botante**

### Mayo 15

- Unang araw para humiling ng pormularyo ng **Proxy [Kinatawan]** at gumawa ng tipanan para patunayan ito sa pamamagitan ng pag-email sa VoterRegistration@toronto.ca o pagtawag sa 311

### Mayo 23

- **Ang mga Kard ng Impormasyon ng Botante** [**Voter Information Card (VICs)**] ay ipinapadala sa mga karapat-dapat na botante
    - Tanging ang mga karapat-dapat na botante na nasa listahan ng mga botante noong Mayo 14, 2023 ang makakatanggap ng VIC sa koreo. Kung

ikaw ay nasa listahan ng mga botante at hindi nakakuha ng VIC sa koreo, maaari mong makuha ang iyong kard sa pamamagitan ng paggamit ng Myvote sa toronto.ca/MyVote.

## Mayo 26

- Huling araw upang mag-aplay para sa **Ikinoreong Pagboto** ng alas 4:30 ng hapon.

## Hunyo 8 hanggang Hunyo 13

- Anim na araw ng **paunang pagboto** mula alas 10 ng umaga hanggang alas 7 ng gabi

## Hunyo 15

- Ang mga nakumpletong **Ikinoreong Pagboto** na mga pakete ay dapat matanggap sa tanghali (alas 12 ng tanghali)

## Lunes, Hunyo 26

- Araw ng Halalan mula alas 10 ng umaga hanggang alas 8 ng gabi

# Mga Pagpipilian sa Pagboto

## Sa Personal

Maaari kang bumoto nang personal sa alinman sa magagamit na mga araw ng pagboto. Bumoto nang maaga sa panahon ng paunang pagboto (Hunyo 8 hanggang 13) o sa araw ng halalan, Lunes, Hunyo 26.

## Sa pamamagitan ng Koreo

### HAKBANG 1: Mag-aplay Para sa Ikinoreong Pagboto

- Simula sa Mayo 1, bisitahin ang toronto.ca/VoteByMail
- Ang huling araw para mag-aplay ay Biyernes, Mayo 26 ng alas 4:30 ng hapon

### HAKBANG 2: Kumpletuhin ang Iyong Pakete

Kapag naaprubahan, simula sa Mayo 23, padadalhan ka ng pakete ng Ikinoreong Pagboto para kumpletuhin.

- **PIRMAHAN** ang Pormularyo ng Pahayag (Declaration Form)
- **MARKAHAN** ang Balota.
- **IPASOK** ang selyadong Lihim na Sobre sa Dilaw na Sobre ng Pagbabalik

### HAKBANG 3: Ipadala ang Iyong Pakete sa Koreo

- Dalhin ang iyong nakumpletong pakete sa anumang buson ng Canada Post o ihatid ito sa isa sa mga dilaw na hulugang kahon ng Toronto Elections.
- Ang bawat ward ay magkakaroon ng isang dilaw na hulugang kahon na magagamit simula Hunyo 1. Ang mga lokasyon ay nakalista sa: toronto.ca/VoteByMail.
- Ang mga nakumpletong pakete ay dapat matanggap bago ng **tanghali (alas 12 ng hapon) sa Hunyo 15.**

### Para sa mga tanong o impormasyon sa kakayahang maka-akses

- Mag-email sa: elections@toronto.ca o tumawag sa 311
- Matuto nang higit pa sa: toronto.ca/VoteByMail

## Sa Pamamagitan ng Kinatawan (Proxy)

Kung hindi ka makakaboto nang personal o sa pamamagitan ng koreo, maaari kang humirang ng isang proxy sa pagboto. Ang proxy ay isang taong pinagkakatiwalaan mong bumoto sa ngalan mo at isang karapat-dapat na botante sa 2023 na espesyal na halalan para sa alkalde. Kumpletuhin ang isang pormularyo sa Pagtatakda ng Proxy sa Pagboto (Voting Proxy Appointment form), na nilagdaan mo at ng iyong kinatawan, at patotohanan ito sa Klerk ng Lungsod bago ang Hunyo 26 ng alas 4:30 ng hapon.

Simula sa Mayo 15, makipag-ugnayan sa Toronto Elections para makatanggap ng pormularyo ng Kinatawan [Proxy] at gumawa ng tipanan para patotohanan ito sa pamamagitan ng pag-email sa VoterRegistration@toronto.ca o pagtawag sa 311.

Matuto nang higit pa sa toronto.ca/ByElection

# Sino ang Maaaring Bumoto

Upang bumoto sa 2023 na espesyal na halalan para sa alkalde, ikaw ay dapat na:

- isang mamamayan ng Canada; at
- hindi bababa sa 18 taong gulang; at
- isang residente ng lungsod ng Toronto, o
- isang hindi residente, ngunit ikaw o ang iyong asawa ay may-ari o umuupa ng pag-aari sa lungsod; at
- hindi pinagbabawalang bumoto sa ilalim ng anumang batas.

Maaari ka lamang bumoto nang isang beses kahit na gaano karaming mga pag-aari ang pagmamay-ari mo o inuupahan sa loob ng lungsod.

# Pumunta sa Listahan ng mga Botante

Mahalagang suriin kung tama ang iyong impormasyon sa listahan ng mga botante, lalo na kung ikaw ay lumipat o binago mo ang iyong pangalan mula noong nakaraang halalan. Kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante ikaw ay makakatanggap ng isang Kard ng Impormasyon ng Botante sa koreo.

Simula Mayo 1 hanggang Mayo 26, suriin, idagdag o baguhin ang iyong impormasyon sa listahan ng mga botante sa pamamagitan ng:

- Pagbisita sa toronto.ca/MyVote
- Pag-email sa VoterRegistration@toronto.ca
- Pagtawag sa 311

Pagkatapos ng Mayo 26, maaari mong idagdag ang iyong sarili sa listahan ng mga botante kapag bumoto ka nang personal sa panahon ng paunang pagboto (Hunyo 8 hanggang 13) o sa araw ng halalan (Hunyo 26).

**Dapat kang magdala ng ID kapag pumunta ka upang bumoto, kahit na nasa listahan ka ng mga botante.**

# Mga Araw ng Pagboto

## Araw ng Halalan

Lunes, Hunyo 26, 2023 mula alas 10 ng umaga hanggang alas 8 ng gabi. Kung pipiliin mong bumoto sa araw ng halalan at nagmamay-ari o umuupa ka ng maraming ari-arian, maaari ka lang bumoto nang isang beses at dapat kang bumoto sa ward kung saan ka nakatira.

## Mga Araw ng Paunang Pagboto:

Bumoto nang maaga sa anim na araw ng paunang pagboto, Huwebes, Hunyo 8 hanggang Martes, Hunyo 13 mula alas 10 ng umaga hanggang alas 7 ng gabi.

Maghanap ng mga lokasyon ng maagang pagboto sa iyong Kard ng Impormasyon ng Botante (Voter Information Card), sa pamamagitan ng paggamit ng MyVote o pagbisita sa toronto.ca/AdvanceVote. Sa mga araw ng paunang pagboto maaari kang bumoto sa alinman sa mga magagamit na lokasyon ng pagboto sa buong lungsod.

# Impormasyon para sa mga Mag-aaral

Kung ikaw ay isang mag-aaral at isinasaalang-alang ang iyong "tahanan" na iyong lugar kung saan ka nakatira kapag hindi ka nag-aaral, na nangangahulugang plano mong bumalik doon, kung gayon ay karapat-dapat kang bumoto sa parehong "tahanan" na munisipalidad at sa munisipyo kung saan ka kasalakuyang nakatira habang nag-aaral. Matuto pa sa toronto.ca/ByElection.

# MyVote

Ang MyVote web na aplikasyon ay mayroong lahat para makapagsimula ka para sa 2023 na espesyal na halalan para sa alkalde.

Simula sa Mayo 1, bisitahin ang **toronto.ca/MyVote** at ilagay ang iyong adres sa Toronto sa:

- Alamin kung nasa listahan ka ng mga botante
- Magdagdag, magpalit o baguhin ang impormasyon ng iyong listahan ng mga botante (hanggang Mayo 26)
- Tingnan ang mga kandidatong tumatakbo sa pagka-alkalde
- Hanapin ang iyong ward at mapa

- Tingnan, i-download o i-print ang iyong Voter Information Card (simula Hunyo 1)
- Alamin kung saan at kailan boboto (simula Hunyo 1)
- Maghanap ng impormasyon sa kakayahang maka-akses tungkol sa iyong lugar ng pagboto (simula Hunyo 1)
- Tingnan ang isang sample ng iyong balota (simula Hunyo 1)

Patuloy na suriin ang MyVote bago ka bumoto nang personal, dahil maaaring magbago ang mga lokasyon ng pagboto.

# Kard ng Impormasyon ng Botante

**Ang mga voter information card (VICs) ay nasa koreo simula Mayo 23.** Ang pagdadala ng iyong VIC sa lokasyon ng pagboto ay magpapadali sa proseso ng pagboto. Ang iyong VIC ay hindi maaaring gamitin bilang pagkakakilanlan.

Hindi mo kailangan ng VIC para bumoto.

- Kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante at hindi mo natatanggap ang iyong VIC, ngunit ang isang tao sa iyong sambahayan ay nakakatanggap, ito ay maaaring dahil ang Canada Post ay nagpapadala ng mga kard sa mga batch.
- Kung nakatanggap ka ng higit sa isang VIC, dalhin ang pinakatumpak na kard na tumutugma sa iyong pagkakakilanlan sa lugar ng pagboto kapag bumoto ka.
- Kung natanggap mo ang iyong VIC, ngunit mali ang impormasyon, maaari mong dalhin ang kard kapag bumoto ka at humiling na kumpletuhin ang isang Aplikasyon sa Pagbabago ng Listahan ng Botante.
- Kung nakatanggap ka ng VIC para sa isang tao na hindi nakatira sa iyong sambahayan, maaari mong i-print ang **Return sa Sender** sa kard at ihulog ito sa anumang buson ng Canada Post.

Matuto nang higit pa sa: toronto.ca/VIC

# Impormasyon sa Kakayahang Maka-akses

## Kung nahaharap ka sa isang hadlang sa pagboto, makipag-ugnay sa Toronto Elections (Halalan ng Toronto) sa

**pamamagitan ng pag-email sa halalan@toronto.ca o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311.**

## Mga Lokasyon ng Pagboto

Ang lahat ng mga lokasyon kung saan ka boboto ay mapupuntahan. Ang impormasyon tungkol sa bawat lokasyon, halimbawa ng mga rampa, mga awtomatikong nagbubukas ng pinto o Mga Voter Assist Terminal, ay makukuha sa: toronto.ca/ByElection.

## Nagagamit na Kagamitan sa Pagboto

Ang Terminal na Pantulong sa Botante (Voter Assist Terminal) ay isang aparato sa pagmamarka ng balota na nagpapahintulot sa mga botante na may mga kapansanan na markahan ang kanilang balota nang pribado at independyente. Kasama sa mga tampok ang isang touch screen, isang gumaganang audio function, isang braille key pad, isang paghigop/pagbuga na tubo (sip/puff tube) na aparato, isang rocker paddle/switch ng paa at mga zoom na tampok upang ayusin ang mga laki ng letra at kaibahan ng kulay.

Ang mga Terminal na Pantulong sa Botante (Voter Assist Terminal) ay magagamit sa lahat ng mga lokasyon ng paunang pagboto. Kung kailangan mo ang paggamit ng isang Terminal ng Tulong sa Botante sa araw ng halalan at ang isa ay hindi matatagpuan sa iyong itinalagang lokasyon ng pagboto, maaari kang humiling na ilipat ang iyong balota sa pamamagitan ng pagtawag sa 311.

## Ibang mga Serbisyo

- Mag-aplay para bumoto sa pamamagitan ng koreo kung hindi ka makakaboto nang personal. Upang mag-aplay bisitahin ang toronto.ca/VoteByMail.
- Ang mga tagubilin sa kung paano bumoto ay makukuha sa lahat ng lokasyon ng pagboto sa braille at sa 26 na mga wika.
- Makukuha ang mga napapalaking pilyego (magnification sheet) sa lahat ng mga lokasyon ng pagboto upang matulungan ang mga botante na may mahinang paningin.
- Kung ikaw ay pisikal na hindi makakapasok sa loob ng lokasyon ng pagboto maaari kang humiling na tulungan ka sa ibang lugar sa loob ng lokasyon ng pagboto, halimbawa, sa loteng paradahan o bangketa. Tumawag sa 311 para sa karagdagang impormasyon.
- Maaari kang magdala ng isang kaibigan upang matulungan ka kung hindi mo mamarkahan ang iyong balota na mag-isa o maaari kang humiling sa isang opisyal ng halalan para sa tulong.

- Ang lahat ng mga lokasyon ng pagboto ay tinatanggap ang paggamit ng mga taong pansuporta at mga panserbisyong hayop.
- Maaaring humiling ng paglipat ng balota sa mga pagkakataon kung saan ang isang botante ay maaaring makatagpo ng hadlang sa kanilang itinalagang lokasyon ng pagboto. Tumawag sa 311 ng maaga.
- Kung hindi ka makakaboto nang personal sa mga magagamit na araw ng pagboto o sa pamamagitan ng koreo, maaari kang humirang ng isang kinatawan sa pagboto, mag-email sa VoterRegistration@toronto.ca.
- Ang impormasyon sa halalan para sa bingi o nahihirapang makarinig ay makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng TTY sa 416-338-Otty (0889).

Matuto nang higit pa sa: toronto.ca/AccessibleElections

# Tinatanggap na Pagkakakilanlan

Kinakailangan ang Pagkakakilanlan [Identification (ID)] kapag bumoto ka. Tandaan na magdala ng isang pirasong ID na nagpapakita ng iyong pangalan at kwalipikadong tirahan sa Toronto. Ang iyong Kard ng Impormasyon ng Botante ay hindi maaaring magamit bilang isang piraso ng ID.

## Mga Halimbawa ng Tinatanggap na ID:

- Inisyu ng Ontario na lisensya sa pagmamaneho o permit sa motor na sasakyan (bahagi ng sasakyan), may larawang kard.
- Kinanselang personal na tseke, credit card or pahayag ng bank account.
- Bayarin sa palingkurang-bayan para sa hydro, telepono o cable TV, tubig, gas o bayarin mula sa isang komisyon ng pampublikong palingkurang-bayan.
- Stub ng Tseke, pahayag ng T4 o resibo ng suweldo na inisyu ng isang tagapag-empleyo.
- Pahayag ng direktang deposito para sa Ontario Works o Programa ng Suporta sa Kapansanan ng Ontario (Ontario Disability Support Program).
- Pagtatasa ng buwis sa pag-aari, paunawa sa pagtatasa ng buwis sa kita, pahayag ng Buwis sa Benepisyo ng Bata [Child Tax Benefit].
- Pahayag ng pagsasangla, kasunduan sa pag-arkila o pag-upa.
- Transcript o report kard mula sa isang post-sekondaryong paaralan.
- Dokumento na nagpapakita ng paninirahan sa kampus, na inisyu ng tanggapan o mga opisyal na responsable para sa paninirahan ng mag-aaral sa isang post-sekundaryong institusyon.
- Anumang iba pang dokumento mula sa pamahalaan ng Canada, Ontario o isang munisipalidad sa Ontario o isang dokumento na inisyu o sertipikado ng isang korte sa Ontario.
- Anumang dokumento mula sa isang Konseho ng Band sa Ontario na itinatag sa ilalim ng Batas ng Indian (Canada).
- Polisa sa seguro o pahayag ng seguro.
- Kasunduan sa pautang o iba pang kasunduan sa pananalapi sa isang institusyong pampinansyal.
- Pahayag ng mga Binayarang Benepisyo sa Seguro sa Trabaho na T4E.

- Pahayag ng Old Age Security T4A (OAS), Mga Plano ng Benepisyo sa Pensiyon (Canada Pension Plan Benefits) na T4A (P), Pahayag ng Mga Kontribusyon ng Canada Pension Plan.
- Pahayag sa mga Benepisyo ng Lupon ng Kaligtasan at Seguro sa Trabaho [Workplace Safety Insurance Board] T5007.
- Kard ng CNIB o isang kard mula sa isang rehistradong organisasyon ng kawanggawa na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong may kapansanan.
- Dokumento na nagpapakita ng tirahan sa isang pangmatagalang pangangalagang bahay sa ilalim ng Batas ng Pangmataganag Pangangalagang mga Bahay (Long-Term Care Homes Act), 2007, na inisyu ng Administrador para sa bahay.

Kung wala kang katanggap-tanggap na ID at wala sa listahan ng mga botante, hihilingin kang bumalik na dala ang iyong ID upang makatanggap ng isang balota.

# Social Media, Web at Email

**Twitter:** @cityoftoronto

**Facebook:** City of Toronto

**Instagram:** @cityofto

**Website:** toronto.ca/ByElection

**Email:** elections@toronto.ca

# Pagsasalin-wika ng Impormasyon

Kung kailangan mo ng impormasyon sa ibang mga wika tumawag sa 311 o bisitahin ang toronto.ca/elections/Voters

TORONTO